Huwag kayong manguna sa Ramaḍān ng pag-aayuno ng isang araw ni ng dalawang araw, maliban sa isang taong dating nag-aayuno ng isang pag-aayuno kaya mag-ayuno siya nito."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag kayong manguna sa Ramaḍān ng pag-aayuno ng isang araw ni ng dalawang araw, maliban sa isang taong dating nag-aayuno ng isang pag-aayuno kaya mag-ayuno siya nito."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) laban sa pag-ayuno ng Muslim bago ng Ramaḍān ng isang araw o dalawang araw dahil sa layunin ng pagpapakaingat para sa Ramaḍān dahil ang pagkakinakailangan ng pag-aayuno sa Ramaḍān ay isinalalay sa pagkakita sa bagong buwan at walang pangangailangan sa pagpapakahirap-hirap, maliban sa isang dating nag-aayuno ng isang pag-aayunong nakahiratian niya gaya ng pag-aayuno sa isang araw at pagtigil-ayuno sa isang araw o araw ng Lunes o Huwebes saka natapat ito roon, kaya mag-ayuno siya nito. Iyon ay hindi bahagi ng pagsalubong sa Ramaḍān sa anuman. Napabibilang doon ang naging isang pag-aayunong kinakailangan gaya ng pagbabayad-ayuno at pamamanata.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4508